Maging malaya sa pang-aabuso sa pananalita, pisikal, sekswal, at sa kaisipan; parusa sa katawan, pagbabale-wala at sapilitang pagkahiwalay.
22CCR §72527(a)(9); 42CFR 483.13(b)

Mga Karapatan sa Paglipat at Pagpapauwi

Masabihan sa pamamagitan ng pagsulat bago ang paglipat o pagpapauwi sa inyo mula sa nursing home.
22CCR §72527(a)(6); 42CFR 483.10(b)(11); 42CFR 483.12(a)(4),(5),6)

Mag-apela sa Licensing and Certification Office tungkol sa anumang paglipat o pagpapauwi.
HSC 1599.1(h)(2),(3),(4); 42CFR 483.10(o); 42CFR 483.12(a)(6)(iv)

Bumalik sa nursing home pagkatapos ng panandaliang paglipat sa ospital o pagkatapos ng isang paglabas sa pasilidad upang magpagaling. (Dapat kayong mapaliwanagan ng nursing home tungkol sa kanilang patakaran sa pananatili sa kama at sa inyong mga karapatan upang upang makabalik sa pasilidad.)
HSC 1599.1(h)(1); 42CFR 483.12(b)

TUMULONG MAPANGALAGAAN ANG INYONG MGA KARAPATAN

Ombudsman ng Long-Term Care

Ang bawat county ay may isang Ombudsman Program na may sinanay na mga ombudsman upang tumulong sa mga katanungang o mga problema tungkol sa nursing home at upang tumulong sa inyong pagsasatupad ng inyong mga karapatan. Para sa mga impormasyon tungkol sa Ombudsman Program sa inyong lugar, tumawag o sumulat sa:

Office of the State Long-Term Care Ombudsman
1300 National Drive, Suite 200
Sacramento, CA 95834
(800) 231-4024

Mga Legal na Serbisyo

Sa California, may mga ilang proyekto sa lokal na batas na nagdudulot ng walang bayad na legal na tulong para sa mga matatanda. Bibigyan kayo ng Ombudsman Program ng mga partikular na impormasyon tungkol sa mga serbisyong ito.

Pagbigay ng Lisensiya at Sertipikasyon

Ang Licensing and Certification Program (L&C) ang nagbibigay ng lisensiya at namamahala ng mga nursing home sa California batay sa mga pagsisiyasat sa reklamo at ang mga taunang inspeksiyon. Ang mga kustomer ay maaaring humingi ng kopya ng mga report ng pag-inspeksiyon at pagsisiyasat ng reklamo sa pamamagitan ng kanilang lokal na opisina ng L&C. Para sa adres at numero ng telepono ng opisina sa inyong distrito, tumawag sa Licensing and Certification Headquarters sa (800) 236-9747.

ANG MGA KARAGDAGANG MGA IMPORMASYON AY MAKUKUHA SA:

Mga Consumer Advocate Group

Bet Tzedek Legal Services Nursing Home Advocate Projects
145 S. Fairfax Avenue, Suite 200
Los Angeles, CA 90036
(323) 939-0506

California Advocates for Nursing Home Reform
650 Harrison Street, 2nd Floor
San Francisco, CA 94107
(415) 474-5171
800, 474, -1116, at 11 (Mga Kustomer lamang)

Industriya

California Association of HealthFacilities
2201 K Street
P.O. Box 537004
Sacramento, CA 95853-7004
(916) 441-6400
(800) 347-5547

Aging Services of California
1315 “I” Street, Suite 100
Sacramento, CA 95814
(916) 392-5111

California Healthcare Association
1215 K Street, Suite 800
Sacramento, CA 95814
(916) 443-7401

Arnold Schwarzenegger, Governor
State of California

Kimberly Belshé, Secretary
Health and Human Services Agency

Sandra Shewry, Director
Department of Health Services

California Department of Health Services

Department of Health Services
California Department of Health Services
Licensing and Certification Program
MS 3201
P.O. Box 997413
Sacramento, CA 95899-7413
(800) 236-9747
www.dhs.ca.gov/lnc

ANG INYONG MGA KARAPATAN BILANG ISANG NANINIRAHAN SA NURSING HOME

Mapapanatili ninyo ang lahat ng inyong mga pangunahing karapatan na sibil o pantao at mga kalayaan kapag kayo ay tinanggap sa isang nursing home.

Ibinubuod ng pulyetong ito ang mga partikular na mga karapatan na mayroon kayo bilang isang naninirahan sa isang nursing home na itinakda ng mga ordinansa at patakaran ng parehong Federal at Estado ng California. Mangyaring tandaan na ito ay isa lamang buod at hindi isang pamalit para sa masaklaw na Panukalang-batas ng mga Karapatan ng Pasyente (Patient’s Bill of Rights), na dapat ibigay ng nangangalagang pasilidad sa mga naninirahan sa oras na sila ay tinanggap, bilang Attachment A sa California Standard Admission Agreement. Kung saan man naaangkop, ang pulyetong ito ay nagsasaad ng parehong sanggunian sa Mga Karapatan ng Isang Naninirahan (Resident Rights) na nakalista sa Attachment A, o naitala sa Standard Admission Agreement.

COMP—L&C 41 (03/06) (Tagalog)

Bago ka mamili o pumasok sa isang nursing home, ikaw ay may mga karapatan bilang isang inaasahang magiging maninirahan. Mangyaring panatiliin ang inyong mga karapatan sa pamamagitan ng:

Pagbisita sa pasilidad.

Pagkontak ng Opisina ng Licensing and Certification at sa Opisina ng State Long-Term Care Ombudsman para sa karagdagang mga impormasyon tungkol sa pasilidad.

Pag-aaral ng mga kasunduan ng pagkatanggap sa pasilidad at pagtanong tungkol sa singil ng mga pangunahing serbisyo, mga opsyonal na serbisyo, at kung ang pasilidad ay kasali sa Medi-Cal o Medicare. Dapat ibigay ng pasilidad ang impormasyong ito.

MGA PANGUNAHING KARAPATAN

Kayo ay may karapatan upang tratuhin na may paggalang at dignidad sa pagkilala ng iyong pagiging isang indibwal at mga kagustuhan.
22CCR §72527(a)(2); 42CFR 483.10(b)(5)

Kayo ay may karapatan sa de kalidad na pangangalaga at paggamot nang pantay-pantay at walang diskriminasyon.
HSC §1599.1(a); 42CFR 483.10

Ang mga kamag-anak o isang legal na kinatawan ay maaaring kumilos sa ngalan mo upang mapanatili ang mga karapatang ito kapag kayo ay nawalan ng kakayahan upang gawin ito.
22CCR §72527(c); HSC 1599.3; 42CFR 483.10(a)(3)

MGA KARAPATAN SA PAGKAKATANGGAP

Dapat na sabihin sa inyo ng pasilidad ang tungkol sa lahat ng iyong mga karapatan sa wika o pamamaraan upang ikaw ay maintindihan.
22CCR §72527(a)(1); HSC 1599.1; 42CFR 483.10(b)(1); 42CFR 483.10(b)(7)

Dapat sabihin sa inyo ng pasilidad ang tungkol sa lahat ng mga alituntunin at tuntunin, pati na rin ang mga patakaran tungkol sa paglipat at pagpapauwi.
22CCR §72527(a)(1),(2); 42CFR 483.10(b)(1)

Kayo ay may karapatan upang pag-aralang mabuti ang lahat ng mga kontrata at mga kasunduan bago ang pagpirma ng mga ito.
California Standard Admission Agreement

Hindi maaaring ipag-utos ng nursing home na magkaroon ng kasamang pipirma para sa pagbayad, ngunit maaari hilingin ang isang kamag-anak o isang legal na kinatawan upang matiyak ang pagbayad mula sa inyong kita o mga yaman.
California Standard Admission Agreement, 42CFR 483.12(d)(2)

Kayo ay may karapatan upang mag-aplay para sa Medicare at Medi-Cal at karapatan sa impormasyon at tulong sa pag-aplay para sa mga programang iyon.
42CFR 483.10(b)(5)(i); 42CFR 483.10(b)(7)(i); 42CFR 483.10(b)(10)

Hindi kayo maaaring hilingin na isuko o i-antala ang inyong mga karapatang tumanggap ng Medicare o Medi-Cal.
42CFR 483.12(d)(1)(i),(ii)

Hindi kayo maaaring hilingin na bigyan ang pasilidad ng isang deposito bilang seguridad kapag kayo ay isang tumatanggap ng Medicare o Medi-Cal.
42CFR 483.12(d)(3)

BILANG ISANG NANINIRAHAN SA ISANG NURSING HOME, KAYO AY MAY KARAPATAN SA:

Mga Pagbisita * Pagsasarili * Pagiging Kumpidensiyal

Mga pagbisita ng pamilya at mga kaibigan.
22CCR §72527(a)(20); 42CFR 483.10(e)(1)

Kontakin at pakikipagkita sa ilang mga kinatawan ng ahensiya o mga indibwal na naghahatid ng mga serbisyong pangkalusugan, legal, panlipunan o mga iba pang serbisyo.
22CCR §72527(a)(18),(19); 42CFR 483.10(j)(1), (2)

Pagsasarili sa panahon ng iyong pagkakaroon ng bisita o sa mga miting, mga pagtawag sa telepono, at sa pagbabasa ng iyong sulat.
22CCR §72527(a)(21); 42CFR 483.10(e)(1)

Pagsasarili sa iyong silid at sa panahon ng paliligo, medikal na pagpapagamot, at pangangalaga sa sarili.
22CCR §72527(a)(11); 42CFR 483.10(e)(1)

Pagpapanatiling kumpidensiyal ng iyong mga rekord na personal at tungkol sa kalusugan.
22CCR §72527(a)(10); 42CFR 483.10(e)(1)

Kalidad ng Buhay sa Nursing Home

Pumili at sumali sa mga aktibidades na nais ninyo, at na bahagi ng inyong plano ng pangangalaga.
HSC 1599.1(d); 42CFR 483.15(b)(1)

Sumali sa mga gawaing pangsosyal, pangrelihiyon, at ng komunidad.
22CCR §72527(a)(14); 42CFR 483.10(b)(2),(d)

Magparehistro at bumoto sa mga lokal, pang-estado at pambansang halalan.
22CCR §72527(a)(7); 42CFR 483.10(a)(1)

Magpahayag ng mga reklamo o karaingan nang walang takot na paghihigantihan. Dapat sabihin ng nursing home sa inyo ang mga impormasyon tungkol sa pagpaparating ng reklamo sa pasilidad, sa Ombudsman, sa Department of Health Services' Licensing and Certification Office.
22CCR §72527(a)(7); HSC 1599.2(c); 42CFR 483.10(b)(7)(iv); 42CFR 483.10(f)(1)

Magtatag at sumapi sa mga grupo ng mga naninirahan; at may karapatan ang inyong pamilya na magtatag at sumapi sa mga grupo ng mga pamilya sa nursing home.
22CCR §72527(a)(13),(14); 42CFR 483.15(c)(1)

Mga Tirahan at Pangangalaga

Ipahayag ang mga ninanais tungkol sa inyong silid o kakuarto at masabihan bago isagawa ang anumang pagbabago.
42CFR 483.10(b)(11)(ii)(A); 42CFR 483.15(e)(2)

Isang ligtas, malinis at komportable na parang tahanang kapaligiran.
HSC 1599.1(e); 42CFR 483.15

Mabigyan ng pangangalaga na nagtataguyod at nagpapaganda ng kalidad ng inyong buhay. Kabilang dito ang rami at kalidad ng pagkain upang tumugon sa inyong pangangailangan at panlasa.
HSC 1599.1(c); 42CFR 483.10(i)(L); 42CFR 483.15; 42CFR 483.15(e)(1)

Mga kinakailangang serbisyo upang makamit o mapanatili ang inyong pinakamataas na antas ng pagkilos o paggawa ng mga gawain.
HSC 1599.1(a),(d); 42CFR 483.15(e)(1)

Pag-iingat ng Inyong Pera at mga Ari-arian

Pamahalaan ang inyong sariling pampinansiyal na bagay-bagay o kaya'y ipamahala sa nursing home ang inyong personal na pera alinsunod sa partikular na mga kinakailangan na kinabibilangan ng pana-panahon na mga accounting report.
22CCR §72527(a)(8); 42CFR 483.10(c)

Maayos na seguridad ng mga damit at personal na ari-arian. Dapat magkaroon ang nursing home ng isang programa upang mabawasan ang pagnanakaw at pagkawala at mapanatili ang isang imbentaryo ng inyong mga damit at iba pang mga personal na ari-arian.
Standard Admission Agreement; 22CCR §72527(a)(15); 42CFR 483.10(l)

Pangmedikal na Pangangalaga at Paggamot

Sumali sa pagdisenyo ng plano ng pangangalaga/ at paggamot sa inyo.
22CCR §72527(a)(3); 42CFR 483.10(d)(3)

Pumili ng inyong personal na doktor.
22CCR §72527(a)(3); 42CFR 483.10(b)(9); 42CFR 483.10(d)(3)

Tanggihan ang anumang plano ng pangangalaga, paggamot, o mga pamamaraan.
22CCR §72527(a)(4); 42CFR 483.10(b)(4); 42CFR 483.10(b)(8)

Gumawa ng mga paunang tagubilin para sa paggamot tulad ng kapangyarihan dulot ng abogado para sa pangangalaga ng kalusugan o iba pang mga tagubilin tungkol sa mahahalagang mga desisyon sa pangangalaga sa kalusugan tulad ng hindi ninanais, pampahaba ng buhay na paggamot.
Standard Admission Agreement; 42CFR 483.10(b)(4); 42CFR 483.10(b)(8)

Malaya sa Paghadlang at Pang-aabuso

Tanggihan ang anumang mga gapos na nagtatakda ng inyong pagkilos o gamot na aapekto sa inyong kaisipan, maliban sa isang emergency na sitwasyon. Ang anumang paggamit ng naturang mga paggapos ay dapat na magamit upang magamot ang mga medikal na sintomas at hindi para sa layunin ng pagdisiplina o sa kaginhawaan ng kawani.
22CCR §72527(a)(5); 22CCR 72527(a)(23); 42CFR 483.13(a)